THE OFFICIAL NEWSLETTER OF THE PHILIPPINE NATIONAL POLICE

PULIS SERBIS

# BALITA

PNP PATROL Plan 2030 OUR SHARED COMMITMENT

#PNPKAKAMPIMO

PHILIPPINE NATIONAL POLICE SERVICE HONOR JUSTICE

Volume VI No. 03* Enero 15-21, 2022 * Visit our Facebook Page: PULIS SERBIS BALITA Email Add: pnppublications@pcadg.gov.ph

# 14 BIFF MEMBERS, SUMUKO SA AWTORIDAD NG REHIYON 12

*sundan sa pahina 3*




## PUBLIC ANNOUNCEMENT!

PHILIPPINE NATIONAL POLICE

**Alert Levels System for COVID-19 in the NCR Alert Level 3**

**Minimal onsite capacity**

***Allowed***
***( a maximum of thirty percent 30%) venue/ seating capacity for fully vaccinated individuals only and 50% outdoor venue capacity***

***Activities and Establishment***

Police Community Affairs and Development Group | Pulis At Komunidad | PNP Pulis At Ur Serbis | pcadg.pnp.gov.ph

## 16 BIFF members, nagpasyang magbalik-loob sa gobyerno; matataas na kalibre ng armas, isinuko

*sundan sa pahina 10*

## Mahigit Php1M ilegal na droga, nasabat sa Zamboanga City!

*sundan sa pahina 11*



## PULISYAPEDIA

**Ano ang conviction?**

Ito ang desisyon o hatol na kaparusahan ng korte. Ito ay deklarasyon ng hukuman o jury sa pagkakasala ng isang taong inakusahan ng isang krimen.

**JOINT TASK FORCE CV SHIELD**
COMMAND CENTER, PNP COMMAND CENTER

GLOBE
09175382495
SMART
09988490013
LANDLINE
(02)87253176
E-MAIL
ncovmonitoring@gmail.com




#PNPKakampiMo #TeamPNP #WeServeAndProtect

@pnp.pio | @pnppio | @pnp_pio | PNP PIO | www.pnp.gov.ph

## E - SUMBONG

*e - SUMBONG SMS Hotline*
SMART : 0919 1601 752
GLOBE : 0917 8475 757

Email :
e-sumbong@pnp.gov.ph
Facebook Page :
facebook.com/OfficialPNPHotline
Web Portal :
https://e-sumbong.pnp.gov.ph

# Php90M halaga ng marijuana plants at dried leaves; binunot at sinunog ng PNP DEG sa Tinglayan, Kalinga



**Tinglayan, Kalinga (January 19, 2022) - Pinangunahan ng Special Operations Unit 14 sa pangangasiwa ni Police Brigadier General Remus Medina, Director ng Philippine National Police Drug Enforcement Group (PNP DEG) kasama ang Philippine Drug Enforcement Agency ng Cordillera Administrative Region, Police Regional Office Cordillera, Regional Highway Police Unit, Regional Intelligence Unit 14, Regional Drug Enforcement Unit, Regional Mobile Force Battalion (1503rd/1505th), Kalinga Police Provincial Office, Provincial Drug Enforcement Unit, 2nd Company Provincial Mobile Force Company at ng Tinglayan Municipal Police Station ang pagkumpiska at pagsunog sa mga pananim na marijuana sa magkakahiwalay na barangay sa Tinglayan, Kalinga nitong Enero 18 hanggang Enero 19, 2022.**

Tinatayang nasa Php90,000,000 ang kabuuang halaga ng mga marijuanang binunot at sinunog ng mga awtoridad sa halos 36,000 square meters ng marijuana plantations sa Brgy. Loccong at Brgy Butbut Proper sa Tinglayan, Kalinga na naglalaman ng 360,000 pirasong fully grown marijuana leaves na may Standard Drug Price na Php72,000,000 at ng mahigit kumulang 150 kilos dried marijuana leaves na nagkakahalaga naman ng Php18,000,000. Nasa kabuuang apat (4) na magkakahiwalay na marijuana plantations site ang natagpuan ng mga kapulisan sa Brgy. Loccong samantala dalawa (2) naman sa Brgy Butbut Proper sa nasabing bayan.

Pinuri naman ni PBGen Medina ang nasabing grupo sa patuloy na pagsisikap na ipatupad at labanan ang ilegal na droga. Hinihikayat din niya ang lahat na gawin ng maigi ang kanilang trabaho upang matukoy ang mga tao sa likod ng malawak na marijuana plantations sa nasabing probinsiya.

# American National, arestado sa Zambales



**Zambales (January 18, 2022) - Arestado ang isang American National dahil sa ilegal na droga sa Castillejos, Zambales noong Enero 18, 2022.**

Ayon sa ulat, nagsagawa ang mga operatiba ng SOU 3 ng PNP Drug Enforcement Group kasama ang Castillejos Police Station at Zambales Police Provincial Office ng isang anti-illegal drugs operation sa Barangay Del Pilar, Castillejos, Zambales na nagresulta sa pagkakahuli sa isang suspek na kinilalang si John Louis May Jr a.k.a John Louis, 42 taong gulang, may asawa, construction worker at residente ng Blk 62, Lot 12, Tahimik Street, Fiesta Communities Castillejos, Barangay Del Pilar, Castillejos, Zambales.

Nakumpiskang ebidensya mula sa suspek ang humigit kumulang na 50 gramo ng pinaghihinalaang shabu na nagkakahalaga ng Php340,000 at isang (1) bungkos ng pera kasama ang Php1,000 bill bilang marked money.

Kasalukuyang nasa pangangalaga ng SOU3, PNP-DEG ang suspek at mga nakuhang ebidensya para sa wastong dokumentasyon at disposisyon. *(Panulat ni Patrolwoman Hazel Rose Bacarisa)*

# Lalaking nagbebenta ng fake vaccination card, huli sa entrapment operation



**Bambang, Nueva Vizcaya (January 16, 2022) - Nahuli ang isang lalaki na sangkot sa pagbebenta ng pekeng vaccination card sa isinagawang entrapment operation ng mga tauhan ng Bambang Police Station sa Barangay Almaguer North, Bambang, Nueva Vizcaya, gabi ng Enero 16 taong kasalukuyan.**

Kinilala ang suspek na si Perlito Cabanban, 49 anyos, may asawa, porter ng NVAT at residente ng Barangay Poblacion, Aritao, Nueva Vizcaya.

Ayon kay Provincial Director, Police Colonel Ranser Evasco, isinagawa ang operasyon matapos makatanggap ng impormasyon na nagbebenta si Cabanban ng pekeng COVID-19 vaccination card sa nabanggit na lugar.

Naganap ang nasabing operasyon dakong 7:30 ng gabi nang magpanggap ang isang pulis bilang isang poseur – buyer at nagawang makabili ng tatlong (3) pekeng vaccination card na nagkakahalaga ng Php3,000 bawat isa.

Narekober mula sa suspek ang isang (1) pekeng vaccination card na nakapangalan mismo sa kanya, isang (1) black/gray wallet na naglalaman ng kanyang pagkakakilanlan, dalawang (2) iPhone cellular phone, marked money na ginamit sa entrapment operation at Php500.

Mahaharap sa kasong paglabag sa Art. 172 of Revised Penal Code in relation to Rule XI Section 1 Paragraph B of Implementing Rules and Regulation of RA No. 11332 o alleged fake vaccination cards ang isasampa sa suspek.

Samantala, isang indibidwal naman ang nagsurrender ng pekeng vaccination card sa Municipal Health Office ng naturang bayan at saka nagboluntaryo na din siyang nagpabakuna.

Pinaalalahanan ni PD Evasco ang publiko na maiging magpabakuna na lamang sa lehitimong ahensya sapagkat libre naman ang serbisyong ito at para din sa proteksyon ng pangkalahatan. *(Panulat ni Police Corporal Carla Mae P Canapi)*

# 14 BIFF members, sumuko sa awtoridad ng Rehiyon 12




**General Santos City (January 17, 2022) - Boluntaryong sumuko ang mga miyembro ng Bangsamoro Islamic Freedom Fighters (BIFF) sa mga awtoridad sa Rehiyon Dose sa Venue 88, Brgy. City Heights, General Santos City noong Enero 17, 2022.**

Ito ay sa pamumuno ni PMGen Albert Ignatius Ferro, Director ng CIDG at PCol Rolando Destura, Deputy Regional Director for Administration, Police Regional Office 12.


Ang kanilang kagustuhang sumuko ay pagpapatunay lamang sa sila ay nais nang makiisa sa mga programang pangkapayapaan ng gobyerno.

Kasabay ng kanilang pagsuko ay ang kanilang pagsuko rin ng iba't ibang kalibre ng baril.

Sila ay nakatanggap rin ng halagang Php10,000 bawat isa para sa kanilang initial financial support mula sa Local Government Unit ng Sultan Kudarat.

Patuloy ang isasagawang pagproseso sa mga sumukong BIFF para sa kanilang tuluyang pagbabalik-loob sa pamahalaan. *(Panulat ni Patrolman Gio C Batungbacal)*

# Pulis, tinulungan manganak ang isang ginang sa gitna ng kalsada




**Makati City (January 18, 2022) - Agarang aksyon ang ipinamalas nila Police Executive Master Sergeant Benito Quibuyen, Police Senior Master Sergeant Andy Mejias, Police Corporal Jerome Lazaro, Police Corporal Johnson Velasco at mga Augment Personnel na sina Patrolman Joey Argawanon at Patrolman John Andrew Aserit ng San Isidro Sub Station, Makati City Police Station, sa pamumuno ni Police Captain Arvin Joseph Rosadiño ang isang Ginang na Homeless sa panganganak.**

Isang Ginang na Homeless ang tinulungan nilang manganak sa kahabaan ng Osmeña Highway, Barangay Pio Del Pilar, Makati City nitong Martes, ika 18 ng Enero sa ganap na 10:00 ng umaga dahil hindi na nito kakayanin pang makaabot ng panganganak sa ospital.

Lubos na nagpapasalamat ang Ginang sa mga kapulisan ng Makati CPS dahil tinulungan siyang mailuwal ang kanyang anak. Ang pagtulong na ito ay nagpapatunay ng pagiging makatao ng ating kapulisan at handang tumulong sa kahit ano mang oras at lugar ng kanilang nasasakupan. *(Panunulat ni Patrolman Ericson Mayor)*

# Sabayang pagsasara ng Basketball Courts sa CDO, bilang pagtalima sa IATF protocols, sinimulan na



**Cagayan de Oro City (January 15, 2022) - Sabay-sabay na sinara ang mga Basketball Court bilang pagsunod sa mahigpit na pagpapatupad ng IATF Protocols at guidelines sa Cagayan de Oro City na ginanap sa Basketball Court ng Barangay Puerto ng Cagayan de Oro City noong Enero 15, 2022.**

Ayon kay PCol Aaron Mandia, ang pagsasagawa ng sabay-sabay na pagsasara ng lahat ng basketball court sa loob ng lungsod ay bilang pagsunod sa mahigpit na pagpapatupad ng IATF Protocols at mga alituntunin sa alert level 3 status ng Cagayan de Oro City dahil sa tumataas na bilang ng mga kaso ng nahawahan ng COVID-19, at ang biglaang pag-akyat ng Omicron virus cases.

Ang mahigpit na pagpapatupad na ito ay naaayon sa adbokasiya at layunin ng COCPO head na naglalayong unahin ang kaligtasan at kapakanan ng komunidad.

Dagdag pa niya, ang nasabing aksyon ay alinsunod sa Resolution No. 155 ng Inter-Agency Task Force for the Management of Emerging Infectious Disease series of 2022 na may petsang Enero 12, 2022.

Hinihikayat din niya ang lahat ng indibidwal na magpabakuna.

"Natuto na tayo sa ating mga nakaraang karanasan, at ngayon, ginagawa natin ang pinakamahusay na paraan para sa mga tao", dagdag ni PCol Mandia.

Hinihikayat din niya ang lahat ng indibidwal na magpabakuna, bilang dagdag proteksyon at panlaban sa nakamamatay at di nakikitang kalaban na COVID-19. *(Panulat ni Patrolman Nicole T Villanueva-RPCADU10)*

# Pulis at komunidad, nagtulong-tulong sa pagtatayo ng Carwash Vendo



**Maco, Davao De Oro (January 18, 2022) - Matagumpay na naitayo ang carwash vendo sa pagtutulungan ng mga tauhan ng Revitalized-Pulis sa Barangay (R-PSB) Cluster 14 sa pamumuno ni PLt Jandy Lou Esteban at mga miyembro ng People's Organization na binuo nito sa Brgy. Sangab, Maco, Davao De Oro, noong Enero 18, 2022.**

Sa tulong at suporta ng kanilang mga stakeholders at ng lokal na pamahalaan, ang SAMODA (Sangab Motorcycle Driver's Association) Livelihood Project-Carwash Vendo ay nabuo para sa layuning magkaroon ng sustainable income ang bawat miyembro nito na hindi lamang sasapat para sa organisasyon kundi makatutulong din sa pangangailangan ng kani-kanilang pamilya.

Malaki ang naging pasasalamat ng mga residente sa nasabing lugar na nabigyan ng tulong ng R-PSB 14 at sa patuloy na paggabay at pamamahagi ng iba't ibang proyekto sa kanilang nasasakupan. Ito ay kanilang pangangalagaan at pagyayamanin para sa kanilang karagdagang kabuhayan. *(Panulat ni Patrolwoman Rose Ann M Delmita)*



# PNP CHIEF @ UR SERBIS

*Ni PGen Dionardo B Carlos*

## Tuloy-tuloy na paglilinis sa ating hanay

Patuloy ang Pambansang Pulisya ng Pilipinas sa paglilinis ng ating hanay. Mas pinaigting ng PNP-Internal Affairs Service (PNP-IAS) ang kampanya laban sa katiwalian sa loob ng ating organisasyon. Mas lalo nating pinapalakas ang pagpapatupad ng internal cleansing program sa ating mga kasamahan upang masiguro natin na malilinis natin ang mga tiwali nang sa ganun ay makuha natin ang tiwala at respeto ng publiko sa ating hanay.

Sa pamamagitan ng PNP-IAS, tututukan nito ang mabilis at walang kinikilingan na disposisyon sa mga kasong administratibo laban sa ating mga kasamahang pulis na sangkot sa graft and corrupt practices. Sa tulong ng Integrity Monitoring and Enforcement Group, isasagawa ang agarang administrative proceedings ng IAS upang matukoy ang administratibong pananagutan ng mga naarestong pulis at kung sapat na ang ebidensya para matanggal sila sa serbisyo.

Kasama sa isinasagawang hakbang ng IAS ay ang pagbuo ng isang intensified proactive inspection approach kung saan ang lahat ng PNP personnel ay isusumite ang kanilang mga sarili sa attendance checking, kabilang ang appearance at public impression evaluation. Sa ngayon ay nasa huling yugto na ang IAS sa pagbalangkas ng mga pamamaraan at parameter ng estado ng disiplina na kung saan ang lahat ng mga yunit o istasyon ng pulisya ay mahigpit na masusubaybayan at magagabayan ang kani-kanilang tauhan upang maiwasan ang pagkakasangkot nila sa anumang ilegal na aktibidad tulad ng katiwalian, korapsyon at iba pa.

Bahagi rin ng programa natin ay ang pagtatayo ng IAS desk sa mga istasyon na kung saan ay hinihikayat natin ang ating mga kababayan na idulog ang kanilang mga hinaing at reklamo hinggil sa mga ilegal na aktibidad na kinasasangkutan ng ating mga kapulisan. Ang IAS desk ay isa ring daan para makilala ang mabubuting gawa ng ating mga kasamahan pulis. Magsisilbi rin itong sentralisadong imbakan ng lahat ng impormasyon na nauukol sa PNP at mga tauhan nito na kung saan ang mga datos o impormasyong ito ay magiging malaking tulong para sa atin upang matugunan ang isyu at reklamo sa ating mga pulis.

Patuloy ang pagbabalangkas ng ating organisasyon ng mga programa at interbensyon para malinis ang ating hanay. Hindi tayo hihinto sa paggawa ng mga paraan upang mas mapabuti ang sistema at upang matiyak na mananatili tayong totoo, tapat at may mataas na disiplina, lalo na sa pagbibigay ng serbisyo sa ating mga kababayan.

Muli, mariin nating ipinapaalala sa ating mga kasamahang pulis na gawin lang natin nang tama at maayos ang ating tungkulin. Huwag na huwag tayong masasangkot sa mga iligal na aktibidad at pang-aabuso sa ating kapwa sapagkat hinding-hindi ako magdadalawang-isip na alisin kayo sa serbsiyo.

# EDITORYAL

## Mas pinaigting na kampanya kontra korupsyon sa organisasyon, Ipatutupad

Pinaigting ng pambansang pulisya sa pamamagitan ng Internal Affairs Service (IAS) ang kampanya nito kontra korupsyon sa loob ng organisasyon. Ito ay bilang pagtalima sa mahigpit na direktiba ng ama ng pambansang pulisya na palakasin ang mga mekanismo upang mas mapaigting pa ang kasalukuyang programa sa internal cleansing ng organisasyon.


Tinututukan ng IAS ang mabilis at walang kinikilingan na disposisyon ng mga kasong administratibo laban sa mga pulis na sangkot sa graft and corrupt practices. Sa pakikipagtulungan ng Integrity Monitoring and Enforcement Group (IMEG), ang agarang administratibong paglilitis ay isasagawa ng IAS upang matukoy ang administratibong pananagutan ng mga naarestong pulis at kung sapat na ang ebidensya para sila ay matanggal sila sa serbisyo.

Bukod pa rito, magsasagawa ang IAS ng pinaigting na proactive inspection approach upang siguruhin ang presensiya ng bawat pulis sa kani-kanilang lugar ng pinagtatrabahuan kabilang na rito ang pagsiguro na sila ay may maayos at disenteng kaanyuan at sasailalim din sa public impression evaluation. Nasa huling yugto na ng pagbalangkas ng mga pamamaraan at parameter ng State of Discipline ang IAS kung saan lahat ng PNP units/stations ay mahigpit na magmonitor at magabayan ang kani-kanilang tauhan upang maiwasan ang pagkakasangkot sa anumang ilegal na aktibidad tulad ng graft and corruption.

Itatatag din ang IAS Desk. Sa ilalim ng programang ito, ang mga PNP stakeholder ay maaaring magkaroon ng paraan upang ipahayag ang kanilang mga alalahanin, mga hinaing at pati na rin ang pagkilala sa mabubuting gawa ng sinumang pulis o yunit ng pambansang pulisya. Ito ay magsisilbing sentralisadong imbakan ng lahat ng impormasyon na nauukol sa PNP at mga miyembro nito. Ang mga nakalap na datos ay dapat gamitin upang lumikha ng interbensyon upang matugunan ang mga isyu at alalahanin sa loob ng organisasyon.

Hindi nagtatago ang PNP sa anino ng mga dahilan na walang perpektong organisasyon, ngunit isinusuko nito ang sarili sa pagpapaigting ng mga patakaran nito upang linisin ang hanay nito mula sa iilang naligaw ng landas. Sinisiguro ng pamunuan ng PNP na hindi kikilingan ang mga pulis na mapapatunayang nagkasala at mapapatawan ang mga ito ng karampatang parusa.

Sa lahat ng ating mga kapulisan, ito ay isang pagkakataon upang hamunin ang ating sarili na patunayan ang ating halaga bilang mahusay at kapani-paniwalang tagapagpatupad ng batas. Tandaan sana natin kung para saan tayo nandito. Bumalik tayo sa ating motibasyon kung bakit natin piniling pumasok bilang miyembro ng pambansang pulisya. Ikaw, ako at tayo ay hindi lamang sinanay ng mga angkop na kasanayan, kundi merong mga core value na pinapahalagahan at isinasabuhay na siyang saligan sa araw araw na sinumpaang tungkulin. Ipakita natin ang serbisyong may puso. Sapagkat ang tunay na puso ng pulis ay may pusong may malasakit at handang mag-alay ng buhay para sa sambayanan, ang pusong magiting at matapang sa harap ng anumang hamon at panganib, at ang pusong may paniniwala sa Diyos at nag-aalab sa pagmamahal sa bayan.




# THE PNP CORRESPONDENT

*Ni: PEMS Eric B. Fernandez*

## PNP Chief PGen Dionardo Carlos, bumisita sa PRO MIMAROPA

Bumisita si Philippine National Police Chief, PGen Dionardo Bernardo Carlos sa Police Regional Office (PRO) MIMAROPA o sa mga lalawigan na kinabibilangan ng Mindoro, Marinduque, Romblon, at Palawan. Ito ay sa pamamagitan ng kanyang Official Command Visit para sa nasabing rehiyon.

Naging mainit naman ang naging pagtanggap ni PRO-MIMAROPA Regional Director, PBGen Sidney Hernia sa delegasyon ng ating PNP Chief na kahit sa panahon ng pandemya ay nagkaroon pa rin ito ng pagkakataon na bisitahin ang kanilang rehiyon.

Kabilang sa mga mahahalagang bagay na kanilang pinag-usapan ay ang kalagayan ng ating mga pulis at kababayan pagkatapos silang tamaan ng bagyong si Odette, ganun din ang peace and order situation nila doon, at ang kanilang paghahandang pangseguridad para sa 2022 National and Local Elections.

Sa kanyang naging mensahe ay pinapurihan ni PNP Chief, PGen Dionardo Carlos ang ating mga pulis sa MIMAROPA Region sa pangunguna ni PBGen Hernia. Hindi lamang anya sa pagpapanatili ng kaayusan at kapayapaan ang ginagampanan ng ating mga pulis, kundi bagkus sa pagtulong sa ating mga kababayan sa panahon ng kalamidad gaya ng bagyo, at ngayong panahon ng pandemya.

**EDITORIAL BOARD**

**PGEN DIONARDO B CARLOS**
*Chairman*

*Editorial Consultant*
**PMGEN BARTOLOME R. BUSTAMANTE**

*Editor-In-Chief*
**PBGEN ERIC E. NOBLE**

*Executive Editors*
**PCOL MARCIAL MARIANO P. MAGISTRADO IV**
**PCOL ROGELIO P. SIMON**
**PCOL BERNIE H. ORIG**

*Business Manager*
**PLTCOL AIZA ZITA S. SAN ANTONIO**

*Managing Editors*
**PLTCOL CHRISTINE R BAGUNDOL**
**Ms. Evelyn Duremdes-Barz**

**PLT NOMER B. MACARAIG *PLT MYLEEN D. LACAMBRA *PCpl Josephine T. Blanche *PCpl Romulo Cleve M. Ortenero *PCpl Alona Faith L. Edas *PCpl Melody L. Pineda *PCpl Mary Metche A. Moraera *PCpl Carla Mae P. Canapi *Pat Jenny T. Beltran *NUP Emma Kris D. De Guzman *NUP Loreto B. Concepcion**
*Writers/Researchers*

**PSMS Janice C. Arenas *NUP Leonito C. Navales**
*Photographers*

*In-Charge of Circulation*
**PCMS Ronald V. Condes *PSMS Rosie B. Gonzalo**
***PCpl Rei Austin R. Manahan**
***Pat Jersen Christopher L. Yalong**

**PLT RALPH KESTER S. RAGAZA**
**PMSg Butch L. Berden**
**PSSg Alan Czar A. Santos**
*Cartoonists*

**Mr. Roy S. Gonzalez**
**Mr. Ralph Evan S. Gonzales**
*Graphic/Layout Artist*

Editorial Office: Police Community Affairs and Development Group
Email Add: pnppublications@yahoo.com / pulisserbisbalita@gmail.com
Tel. No.: (02) 723-0401 local 3453

# TRANSFORMATIONAL LEADERSHIP

*Ni: PCpt Fulgencio M Cañon, Jr*

## Salamat Panginoong Diyos

Mapagpalang araw po sa inyong lahat. Purihin ang Panginoong Diyos sa Kanyang kabutihan at kagandahang loob sa ating lahat. Dalangin ko po na patuloy po nating maranasan ang biyaya at patnubay ng ating Diyos sa panahong ito ng pandemya.

Magdadalawang taon na po ang pandemyang COVID-19. Kamusta na po? Marahil sa panahong ito ng pandemya ay marami po tayong naranasan: malungkot, masaya o nakakatakot. Sa panahong ito ay tumatag ang ating pananampalataya sa Kanya at ang Kanyang Salita ay nagbigay ng lakas sa atin na harapin ang buhay na kasama Siya.

Naalala ko noong ako ay bata pa, kapag nakatanggap ako ng regalo mula sa magulang ko. Lumulundag ako sa tuwa at galak na galak dahil tinugon ang aking kahilingan. Salamat sa ating mga magulang na nag-alaga sa atin at sa kanilang pagmamahal sa atin. Bilang tugon sa pagmamahal ng ating mga magulang ay sinusuklian ng kabutihan at pagmamahal ang ginawa nila sa atin.

Araw-araw at bawat sandali ng ating buhay ay nararanasan natin ang pag-ibig, paggabay at pag-iingat sa atin.

Ano po ang iyong nararanasan sa ating Panginoong Diyos?

a. Tayo ay buhay kasama ang ating mga mahal sa buhay;
b. Natutustusan ang ating pangangailangan sa araw-araw;
c. Mayroon tayong trabaho;
d. Nakakapag-aral at nakakadalo sa seminar upang madagdagan ang kaalaman at kasanayan;
e. Malusog at malakas ang pangangatawan;
f. May mga kaibigan na handang tumulong sa panahon ng pangangailangan;
g. May asawa at kapatid na karamay sa lahat ng panahon;
h. May natatanggap ng biyaya mula sa Kanya;
i. May talento at kakayanan bigay Niya sa atin; at
j. Kaligtasan at kapatawaran ng ating mga kasalanan.

Ang mga nabanggit ay iilan lamang sa ating natanggap mula sa Kanya. Maaari kang kumuha ng papel at isulat ang lahat ng biyaya at kabutihan na natanggap mo sa Kanya.

"Ang magpasalamat kay Yahweh ay mabuting bagay, umawit na laging purihin ang ngalang Kataas-taasan. Pag-ibig niyang wagas ay dapat ihayag kung bukang-liwayway, pagsapit ng gabi ang katapatan niya'y ihayag din ito. Ito'y ipahayag sa saliw ng alpa't tugtuging salteryo, sa magandang himig ng tugtuging lira'y ipahayag ito." Awit 92:1-3

Ang magpuri at sumamba sa Panginoong Diyos ang pinaka-mabuting bagay na maiaalay natin sa Panginoong Diyos. Habang tayo ay nabubuhay ay ihayag natin sa sanlibutan ang pag-ibig ng Diyos. Tayo ay umawit at sumayaw ng may kagalakan. Halina`t purihin ang Kanyang kadakilaan. Salamat sa Iyo Panginoon sa Iyong kabutihan at pag-ibig sa amin. Hindi namin kayang tumbasan ang lahat ng ginawa Mo sa amin.

Kung tayo ay nagpapasalamat sa kapwa natin sa kabutihang ginawa sa atin. Higit na dapat nating pasalamatan ang Diyos na Makapangyarihan sa lahat. Mula sa paggising sa umaga bago matulog, habang tayo ay nabubuhay.

## Live-in partner, arestado sa isang convenience store sa Laguna

**San Pablo City, Laguna (January 19, 2022) - Arestado ang maglive-in partner na nangloob sa isang Seven Eleven (7-11) convenience store sa Brgy. Del Remidio, San Pablo City, Laguna noong Enero 19, 2022 dakong 8:30 ng umaga.**

Kinilala ang dalawa sa tulong ng manager ng Convenience store na sina Kevin Ranther C. Medrano, 25 years old, online moderator, at ang kanyang live-in partner na si April Joy A. Abaquita, 23 years old, residente ng Barangay VI-E, San Pablo City, Laguna.

Anya ng isang cashier sa nasabing store na si Judy Ann Tigbao, ginapos sila ng mga suspect at sinabing huwag nang lumaban upang hindi na masaktan.

Ang tangkang pagtakas ng mga suspect ay naalintana sapagkat agarang pinutol ni Judy Ann ang tali ng kanyang kamay upang makahingi ng saklolo sa mga tao. Mabilis na rumesponde ang mga bantay ng Barangay Del Remidio at ang mga otoridad ng naturang lungsod.

Nabawi ang pink/green na sling bag na may lamang Php99,940 na ninakaw ng dalawa.

Sa ngayon, ang mga suspek ay nasa pangangalaga ng San Pablo City Police Station at kakaharapin ang kasong robbery hold-up.

Labis naman ang pasasalamat ni Police Colonel Rogarth Ocampo, Acting Provincial Director ng Laguna Police Provincial Office sa mga force multiplier at sa mga taong tumulong sa kanilang kooperasyon at tiwala sa pambansang pulisya.

Ito ay patunay na mas epektibo ang pagpuksa ng pambansang pulisya sa kasamaan sa pamamagitan ng tulong at kooperasyon ng komunidad. *(Panulat ni Patrolman Marvin Riance T Avila)*

## Kilalang magnanakaw, patay! Isang pulis, sugatan sa naganap na engkwentro sa Nueva Ecija



**Nueva Ecija (January 19, 2022) - Sugatan ang isang pulis samantalang napatay naman ang isang suspek na sangkot sa kaliwa't kanang pagnanakaw at panghohold-up sa isinagawang operasyon ng otoridad sa Cabanatuan City, Nueva Ecija noong Enero 19, 2022.**

Kinilala ni PCol Rommel Ochave, Acting Provincial Director ng Bulacan PNP, ang nasugatang pulis na si Patrolman Aizar Hajar na nakabase sa Sta. Maria MPS at ang napatay na suspek na si Alias Tolits.

Ayon sa imbestigasyon, ang Cabanatuan CPS Intelligence Operatives kasama ang Santa Rosa Police Station, Nueva Ecija Police Provincial Office, Santa Maria MPS, Bulacan Police Provincial Office, Intel Operatives ng Provincial Intelligence Unit, NEPPO, at Nueva Ecija Criminal Investigation and Detection Team ay agarang nagsagawa ng isang dragnet operation matapos nilang makilala ang suspek na kasangkot sa magkasunod na insidente ng pagnanakaw sa Barangay Mabini Extension Cabanatuan City at Brgy. Isla, Santa Rosa, Nueva Ecija.


Ayon pa sa ulat, hinabol ng mga kapulisan ang suspek matapos nitong tangkaing tumakas gamit ang kaniyang motorsiklo at nang aarestuhin na siya ay nagpaputok ito ng baril at dito napilitang pinaputukan ng pulis ang suspek na nagresulta ito ng kanyang pagkamatay. Dahil din sa engkwentrong naganap ay natamaan ng bala si Pat Hajar na agad naman naisugod sa Premiere General Hospital at nasa maayos na itong kalagayan.

Napag-alaman na ang napatay na suspek ay sangkot din sa isang robbery hold-up noong Oktubre 27, 2021 sa Centro, Brgy. San Jose Patag, Sta. Maria, Bulacan.

Samantala, nahuli naman ang kanyang dalawang kasamahan na kinilalang sina Christian Soro at Reymark Hipolito na parehong residente ng Brgy. Samon, Cabanatuan City.

Narekober sa mga suspek ang isang (1) 9mm pistol; isang (1) granada; apat (4) na plastik ng pinaghihinalaang shabu; isang (1) itim na helmet; isang (1) bag; isang (1) itim na Yahama Aerox; Honda Click 125cc; at gamit na ninakaw ng mga suspek tulad mga ID, ATM card, pitaka at pera.

Ang mga naarestong suspek ay kasalukuyang nasa kustodiya na ng Cabanatuan CPS at inihahanda na ang kaukulang kasong ipapataw sa kanila. *(Panulat ni Pat Hazel Rose Bacarisa)*



# Bahay Mo, Sagot Ko: Tugon ng Kapulisan sa Guihulngan City







**Guihulngan City, Negros Oriental (January 18, 2022) - Agarang tulong ang naging tugon ng mga tauhan ng Guihulngan City Police Station na sina PSSg Saragin Rosalia, PSSg Regolo Maribao, PCpl Josie Fiel at PCpl Jestoni Anog, na pinangasiwaan ni PLtCol Roland Desiree Lavisto, Acting Chief of Police, sa isang pamilya sa Brgy. Malusay, Guihulngan City, Negros Oriental nito lamang ika-18 ng Enero, 2022.**

Ang naging aksyon ng ating kapulisan ay matapos ilahad ni PSSg Maribao ang kalagayan ng pamilya na lubos na nasiraan ng tahanan sa pagsalanta ng bagyong Odette sa kabisayaan noong nakaraang taon.

Higit na naantig ang damdamin ng ating kapulisan nang dumating ang mga ito sa nasabing lugar at nang nasilayan nila ang tinutuluyan ng pamilya na isa lamang tent.

Nang walang pagdadalawang-isip, agad na tumugon at tumulong ang mga tauhan ng Guihulngan CPS upang maipatayo ang bagong tahanan ng pamilya. Agad na nasimulan ang nasabing pagkukumpuni ng bahay sa tulong na rin ni G. Kenneth Lucio Tenebro at ng kaniyang mga kasamahan, sa pamimigay ng mga ito ng mga kakailanganing materyales para sa konstruksyon.

Maliban sa pagkukumpuni ng tirahan, nag-abot din ang mga nasabing personnel ng Guihulngan CPS ng food packs, water container, at cash assistance. Ipinaabot naman ni G. Tenebro ang mga kumot, unan at banig para sa mga tinulungang pamilya. *(Panulat ni Patrolman Edmersan Pagallamman Llapitan)*

# 2 Pulis Cavite, pinarangalan





**Cavite (January 20, 2022) - Ginawaran ng parangal ng Trece Martires City Police Station sa pangunguna ni Police Lieutenant Colonel Giovanni Martinez, Officer-In-Charge, sina Police Staff Sergeant Aljernol Puspos at Police Corporal Alvin Nepomuceno sa kanilang ipinamalas na kabayanihan sa pagligtas kay Annabel V. Pegollo, 40 taong gulang at residente ng Tambo Ilaya, Indang, Cavite matapos nitong magtangkang magpakamatay sa Mag-asawang Layon Bridge nitong Enero 20, 2022.**

Napag-alamang sobrang daming kinakaharap na problema ang naturang ginang kaya ito ay nagtangkang tumalon sa tulay.

Nakuhanan ng close-circuit television ang tangkang pagpapakamatay nito at nakita sa video ang ipinamalas na kabayanihan nina Police Staff Sergeant Puspos at Police Corporal Nepomuceno. Walang alinlangan nilang tinakbo ang kalsada at hindi inisip na maaari silang masagasaan ng mga tumatakbong sasakyan mailigtas lamang nila ang ginang.

Ganyan ang Cavite Police, tunay na may malasakit! *(Panulat ni Police Corporal Teody Aguilos)*

# Pulis na may malasakit: 2 bata, kinalinga ng Valley Cops



**Cauayan City, Isabela (January 16, 2022) - Tunay na isinakatuparan ang isa sa apat na Core Values ng Philippine National Police (PNP) na Makatao ng dalawang (2) pulis sa kanilang ipinakitang kabutihang-loob sa mga batang musmos na kapus-palad sa Cauayan City, Isabela noong Enero 16 ng taong kasalukuyan.**

Kinilala ang mga pulis na sina Police Master Sergeant Ventura at Police Staff Sergeant Nabong na kasalukuyang nakadestino sa Cauayan City Police Station (CCPS) kung saan naganap ang pagtulong.

Ayon sa panayam sa CCPS, ang dalawang (2) batang musmos na mangangalakal na kinilalang sina Ared, siyam na taong gulang at Jasper, anim na taong gulang ay lumapit sa dalawang pulis na nakaduty at humihingi ng salapi pambili ng pagkain sa kadahilanang di pa sila kumakain.

Ayon naman sa magkapatid, sila ay nangangalakal upang makatulong sa kanilang magulang at sa iba pa nilang maliliit pang kapatid.

Walang kibot namang tumulong ang mga pulis. Pinakain nila ang mga ito sa karinderia at dinala din sila sa barberya upang magupitan ang kanilang mahahabang buhok. Bukod pa sa mga ito, sila pa mismo ang naggupit ng mahahabang kuko ng mga bata.

Naniniwala ang mga pulis na sa kahit sa maliit na paraan na kanilang ginawa ay sapat na upang maipadama ang malasakit sa mga bata dahil dama nila ang hirap ng dalawang bata na sa kanilang murang edad ay ninanais nilang makatulong sa kanilang mga magulang kahit na sa panahon ng pandemya. *(Panulat ni Patrolman Noel Lopez)*






# Savior of the Sea Recruits, nanumpa sa Negros Oriental


**Zamboanguita, Negros Oriental (January 11, 2022) - Sa kabila ng matinding epekto ng pananalasa ni Bagyong Odette sa ilang bahagi ng Negros Oriental, hindi nagpatinag ang mga volunteer na makiisa at manumpa bilang mga kasapi ng "Savior of the Sea" sa Baybay, Zamboanguita, Negros Oriental nitong January 11, 2022.**


Pinangunahan ng mga tauhan ng Dumaguete City Maritime Police Station sa ilalim ng pangangasiwa ni Police Captain Karl Bonilla, Station Chief ang Oath Taking ng anim (6) na mga recruits na nanumpa bilang mga lider at tagapagbantay sa kapaligiran lalong lalo na sa maritime areas sa nasabing lokalidad.


Ang Savior of the Sea ay isang samahan ng mga eco-volunteers na tumutulong sa pangangalaga sa ating mga dalampasigan at maging sa pagbabahagi ng information awareness sa komunidad. Sila ay magsisilbing mga ambassador sa kani-kanilang istasyon upang lipulin at ireport sakaling may mga paglabag sa mga environmental laws at iba pang krimen na may kaugnayan sa ating maritime domain. *(Panulat ni Patrolman Kher D Bargamento)*









# BANTAYOG NG KAGITINGAN

*Ni: PLt Robert Fabregas*

## Handang Mag-alay ng Buhay Para sa Inyong Kaligtasan!

Sa anumang kaganapan, anumang sandali at saan mang lugar, ang isang tunay na Pulis ay handang tumugon sa mga nangangailangan at magligtas sa mga taong nanganganib ang buhay. Walang pag-aalinlangan na itataya ng isang pulis ang kanyang buhay para sa kaligtasan ng mamamayan. Ito ang panata ng bawat isang Alagad ng Batas, ito ang ultimong sakripisyo ng isang pulis sa pagtugon sa tawag ng tungkulin.

October 18, 2019, rumesponde si PCpl Ronnie Tamaliwan ng Bulacan Provincial Intelligence Branch dahil sa panggugulo ng isang grupo ng mga kalalakihan sa area ng Barangay Lalangan, Plaridel, Bulacan. Nakatanggap ng tawag ang pulisya mula kay Barangay Captain Danilo Tayaw at inireport niya ang panggugulo ng grupo ni Nesty Nacino sa relocation site. Itong si Nacino ay dati nang nasangkot sa ilegal na droga. Agad na rumesponde ang grupo ni PCpl Tamaliwan at ang SWAT Team ng Bulacan Provincial Police Office.

Nang marating ng mga pulis ang bahay ng suspek ay agad silang pinaputukan nito kaya napilitan na rin silang gumanti ng putok. Sa nasabing engkuwentro ay sinawimpalad na tinamaan ng bala sa katawan si Tamaliwan. Sugatan man, patuloy pa rin siyang nakipaglaban sa suspek hanggang sa huling hibla ng kanyang hininga. Namatay siyang hawak pa rin ang kanyang baril at puspos nang kagitingan upang ipatupad ang batas.

Sa pagkamatay ni Tamaliwan, lalong naging maigting ang hangarin ng kanyang mga kasama na manaig ang panig ng batas, nagpatuloy ang palitan ng putok hanggang sa masukol ang suspek na si Nacino sa isang ginagawa pa lamang na bahay.

Batay sa ulat, naghagis pa ng granada sa mga pulis ang suspek ngunit sa kabutihang palad ay hindi ito sumabog. Sa kalaunan ay napatay din ng nga kasamahan ni Tamaliwan ang kriminal na si Nacino na naghasik ng takot at pangamba sa mga taga Barangay Lalangan.

Labis naman ang kalungkutang lumukob sa katauhan ng mga kasamahan at kababayan ni PCpl Ronnie Tamaliwan na nag-alay ng kanyang buhay para sa katahimikan at kapayapaan ng pamayanan.

Paalam at salamat sa iyong sakripisyo PCpl Tamaliwan!

# Top 2 MWP ng PRO 4A, arestado

**Calamba City, Laguna (January 19, 2022) - Kalaboso ang Top 2 Most Wanted Person (MWP) ng Police Regional Office (PRO) 4A sa isinagawang joint manhunt operation ng Caloocan City Police Station at Provincial Highway Patrol Team (PHPT) ng Laguna sa bahay ng akusado sa Calamba City, Miyerkules, ika-19 ng Enero 2022.**

Positibong kinilala ng Acting Provincial Director ng Laguna Police Provincial Office na si Police Colonel Rogarth Campo ang akusado na nagngangalang Jose Castillo aka Kuya Puti, 42 taong gulang na residente ng Barangay Makiling, Calamba City, Laguna.

Isinagawa ang manhunt operation sa bisa ng Warrant of Arrest na inilabas ni Hon. Ave A Zurbito-Alba ng Family Court Branch 8, Calamba City, Laguna sa kasong 4 counts statutory rape at walang piyansa o panggagahasa sa isang bata na wala pang edad na 12 gulang.

"Hinihikayat po natin ang ating mga kababayan na isuplong agad sa pinakamalapit na police station o presinto kung meron po kayong impormasyon sa mga taong nagtatago sa kanilang nagawang krimen. Ang inyong kooperasyon ay malaking tulong upang ating mabigyan ng hustisya ang kanilang naging biktima," ani PCol Campo.



# Babae arestado sa paglabag sa RA 10175



**Davao City (January 19, 2022) - Pinangunahan ni PMaj Julius P Santillian ang paghahain ng Warrant of Arrest, katuwang ang Regional Anti-Cybercrime Unit 11 at mga tauhan ng Davao City Police Cybercrime Response Team sa ilalim ng pamumuno ni PCol Benbo Jumalon, Chief, RACU 11 at sa pakikipag-ugnayan sa Intelligence Branch-Davao City Police Office at San Pedro Police Station (PS-2), noong January 19, 2022 sa Davao City.**

Sa bisa nito, si Angely Pamila Monreal Chi, 36 taong gulang, residente ng Rubia St., cor. Million Lower St., Mintal Davao City ay inaresto sa loob ng Cecils Resturant sa Anda, Davao City sa paglabag sa RA 10175 o "Cybercrime Prevention Act of 2012".

Nasa kustodiya na ng San Pedro Police Station ang naturang suspek para sumailalim sa medical examination at booking procedure. *(Panulat ni RPCADU 11 Patrolman Alfred D Vergara)*





# 2 Most Wanted Person ng Sta. Cruz, Laguna, arestado

**Sta. Cruz, Laguna (January 15, 2022) - Nagsagawa ng Manhunt Operation ang Sta. Cruz Municipal Police Station (MPS) na pinamumunuan ni Police Lieutenant Colonel Paterno Domondon na kung saan ay naaresto ang Top 9 Most Wanted Person na si Joel Clarito, 39 taong gulang, may asawa, construction worker, sa kanyang tirahan na matatagpuan sa Brgy. Patimao, Sta. Cruz, Laguna bandang 7:00 ng gabi noong Enero 15, 2022.**

Ang operasyon ay isinasagawa by virtue of a Warrant of Arrest for consented abduction na may kaugnayan sa Special Protection of Children against Abuse, Exploitation, and Discrimination Act (R.A. 7610) na inilabas noong Nobyembre 17, 2009, ni Hon. Jaime Blancaflor, Presiding Judge of Regional Trial Court, Branch 26, Sta. Cruz, Laguna.

Ang isa pang Warrant of Arrest kay Joel Clarito ay ang paglabag ng Sec. 5 (e) (2) ng R.A. 9262 (Depriving or threatening to deprive the woman or her children of financial support legally due to her or her family, or deliberately providing the woman's children insufficient financial support) na inisyu noong Mayo 30, 2019 ni Hon. Suwerte Ofrecio, Presiding Judge of Family Court, Branch 6, Sta. Cruz, Laguna, na may piyansa na inirerekomenda na Php36,000 at para sa Qualified Theft na inilabas noong Marso 29, 2010, ni Hon. Divinagracia Bustos-Ongkeko, Judge ng Regional Trial Court, Branch 91, Sta. Cruz, Laguna.




Sa isang hiwalay na manhunt operation, ang mga operatiba ng Sta. Cruz Municipal Police Station sa pakikipag-ugnayan sa Pila Municipal Police Station ay naaresto si Jeffrey Estrada a.k.a. Si Wowo, 45 taong gulang, may asawa, walang trabaho, sa kanyang tirahan na matatagpuan sa Brgy. Labuin, Sta. Cruz, Laguna by virtue of a Warrant of Arrest para sa Robbery na inilabas noong Disyembre 18, 2020, ni Hon. Caesar C. Buenagua, Presiding Judge ng Regional Trial Court, Branch 37, Calamba City, Laguna, na may piyansa na inirerekomendang Php24,000.

Ang mga naaresto ay nasa temporary custody ng Sta. Cruz Municipal Police Station. *(Panulat ni Police Corporal Teody Aguilos)*

# MIMAROPA's Top 9 Most Wanted Person, arestado

**Calapan City, Oriental Mindoro (January 20, 2022) - Arestado ang Top 9 Most Wanted Person ng MIMAROPA bilang resulta ng masusing pagpaplano ng Police Regional Office MIMAROPA sa pinaigting na operasyon ng pulisya ng Technical Support Company ng Regional Mobile Force Battalion-4B kasama ang suporta ng kapulisan ng Municipal Police Station ng Naujan, Soccoro at Calapan City Police sa ilalim ng Oriental Mindoro Police Provincial Office sa Barangay Mabuhay I, Soccoro, Oriental Mindoro noong Enero 20, 2022.**

Kinilala ang suspek na si Marlon Malapote Lamonte, 47 taong gulang, walang trabaho at residente ng Brgy. Anoling, Pinamalayan, Oriental Mindoro.


Ang nasabing pag-aresto ay ginawa sa bisa ng Warrant of Arrest na inisyu ng Regional Trial Court, Branch 41, Calapan City, Oriental Mindoro para sa 2 counts of rape na walang inirekomendang piyansa.

Ang mga kasong tulad nito ay pangalawang pinakalaganap na krimen na kinasasangkutan ng karahasan laban sa kababaihan at mga bata at number 1 sa 8 focus crimes sa buong rehiyon.

"Pinupuri ko ang matagumpay na pagpaplano na pinangunahan ng ating Deputy Regional Director for Operations at ng operating teams ng TSC-RMFB, Socorro, Naujan, at Calapan City Police para sa pagkakaroon ng isa pang kahanga-hangang tagumpay. Ito ay nagpapakita lamang ng ating mga kapulisan ay puspusan na hulihin ang lahat ng mga kriminal at mapanagot sa batas", wika ni Police Brigadier General Sidney Hernia, Regional Director, Police Regional Office MIMAROPA.

"Samakatuwid, inaatasan ko ang lahat ng unit commander na maglunsad ng malawakang operasyon laban sa most wanted persons sa buong rehiyon bilang bahagi ng ating One-Time-Big-Time", dagdag pa niya.

# Bangkay ng lalaki, natagpuan sa Irrigation Canal ng Tabuk City




**Oras, Eastern Samar (January 20, 2022) - Nahuli ng mga tauhan ng Oras Municipal Police Station ng Eastern Samar ang isang opisyal ng barangay sa paglabag sa COMELEC Gun Ban sa Brgy. Tiguib, Oras, Eastern Samar noong ika-20 ng Enero, 2022 ng umaga sa isinagawang pagresponde sa sumbong ng isang concerned citizen.**

Agarang rumesponde ang mga tauhan ng Oras Municipal Police Station sa pangunguna ni PMaj Jose Tiu, Jr kasama ang Barangay Based Advocacy Support Group sa sumbong ng isang concerned citizen, na ang suspek ay may dala-dalang baril habang ito ay nasa palengke ng Brgy. Tiguib.


Ang nahuling suspek ay kinilalang si Leo Quimada, 46, may asawa at Brgy. Chairman ng Brgy. Nadacpan, Oras, Eastern Samar, na lumabag sa RA 10591 at Violations of Sec. 261 of the Omnibus Election Code at Sec. 32 of RA 7166 in relation to COMELEC Resolution 10728.

Nakuha mula sa suspek ang baril na nakatago sa kanyang baywang at pagkatapos ay kinapkapan ito hanggang sa isa pang baril ang nakita sa loob ng kaniyang slingbag. Hiningan ang suspek ng dokumento sa naturang mga baril pero wala siyang naipresenta.

Dinala ang suspek sa Police Station pati ang nakumpiskang mga ebidensya para sa tamang disposisyon at dokumentasyon.

The Philippine National Police is exerting all its best effort in making the election period safe, peaceful and orderly. PBGen Rommel Bernardo Cabagnot, Regional Director, PRO 8 keeps on reminding all the personnel in his leadership to be extra vigilant and work hand in hand with the community-based peace groups. "I would like you to keep this in mind, the success of the coming elections lies in our determination and passion in making it a generally peaceful one," saad ni RD Cabagnot. *(Panulat ni PSMS Reynaldo Pangatungan)*

# Top Most Wanted Person sa kasong panggagahasa, timbog ng PNP Caraga!




**Esperanza, Agusan del Sur (January 16, 2022) - Nadakip ang Top Most Wanted Person dahil sa panggagahasa sa dating kasintahan sa isang manhunt operation sa Purok 2, Brgy. Labao, Esperanza, Agusan del Sur, noong Enero 16, 2022.**

Ayon kay Police Brigadier General Romeo Caramat Jr, PRO13 Regional Director, hinuli ng mga tauhan ng Esperanza Municipal Police Station (MPS), Agusan del Sur Provincial Police Office si Randy Precioso Berato, 27 taong gulang, sa bisa ng Warrant of Arrest na inisyu ng Regional Trial Court, Branch 7, Bayugan City, Agusan del Sur na naka-docket sa ilalim ng Criminal Case Number 7088 na walang inirekomendang piyansa.

Isiniwalat ng mga operatiba ng Esperanza MPS na ang 19 taong gulang na biktima ay pumunta sa bahay ni Berato upang makipag-usap, ngunit ang suspek ay nasa ilalim ng impluwensya ng alak at gustong makipagtalik, ngunit tumanggi ang biktima, kaya't sapilitang ginahasa ito noong gabi ng Hunyo 13, 2020.

Sinabi ni Regional Director Caramat Jr na ang PRO13 ay patuloy na magsusumikap laban sa Most Wanted Persons at determinado ang PNP na habulin ang mga kriminal na umiiwas sa pag-aresto mula sa kamay ng hustisya. *(Panulat ni Patrolman Reymart L.Gagante - RPCADU 13)*

# 3 suspek ng Robbery Hold-up sa lungsod ng Santiago, arestado



**Cagayan de Oro City (January 19, 2020) - Nagsagawa ng matagumpay na entrapment operation laban sa isang pribadong indibidwal na nasa likod ng paglaganap ng pekeng LTO driver's license sa lungsod ng Cagayan de Oro, noong Enero 19, 2022.**

Ayon kay Police Colonel Aaron Mandia, Acting City Director, natimbog si Precious Sharleen Gallardo, 30 taong gulang, residente ng 31st St., Nazareth, Cagayan de Oro City sa kasong Falsification of Public Documents sa ilalim ng Revised Penal Code 172 at RA 4136 Transportation Law. Isinagawa ang entrapment sa 12 St. San Antonio de Padua Parish, Nazareth, Cagayan De Oro City.

Direktang nagreport sa Cagayan De Oro City Police Office (COCPO) si Mr. Noel Catamora at ilan pang kasamahan na nabiktima ng nasabing suspek na naningil ng Php7,000 kada isang tao.

Nagsagawa agad ng Intel Operation ang himpilan na nauwi sa entrapment operation at matagumpay na naaresto ang suspek. Nabawi at nakumpiska mula sa kanya ang pitong (7) piraso ng Php1000 bill na binubuo ng isang (1) Php1000 genuine money at anim (6) pirasong boodle money.

Nasa kustodiya na ng kapulisan ang suspek para sa pagproseso ng kasong kriminal. *(Panulat ni Patrolman Nicole Villanueva-RPCADU 10)*

# Maguindanao DepEd Supervisor, patay; 1 sugatan sa pananambang

**Central Mindanao (January 17, 2022) – Patay ang DepEd Supervisor ng Maguindanao at sugatan naman ang misis nito dahil sa pananambang ng di pa kilalang armado pasado 6:30 ng gabi Enero 17, 2022 sa Tacurong City, Sultan Kudarat.**


Nakilala ang nasawi na si Javier Kumandi Sr., 55 anyos, DepEd Supervisor ng Pandag Maguindanao at ang kanyang sugatang asawa na si Jeanni Kumandi, 52 anyos na pawang mga residente ng Purok Katilingban Brgy. San Pablo, Tacurong City.

Nagtamo ng maraming tama ng bala ang DepEd Supervisor na ikinamatay niya on the spot, samantalang ang kanyang asawa ay naisugod kaagad sa malapit na ospital ngunit nasa maselang kondisyon.

Ayon kay Police Lieutenant Colonel Joan Maganto, Chief of Police Tacurong City, na habang sakay ang mga biktima sa Toyota Innova na may plakang AGA 5857 papauwi sa kanilang tahanan, ito ay hinarang at pinagbabaril ng hindi pa kilalang suspek gamit ang kalibre .45 na baril.

Mabilis namang nakatakas ang mga suspek na sakay ng motorsiklo.

Sa ngayon ay patuloy ang isinasagawang imbestigasyon ng Tacurong City PNP upang mahuli ang salarin sa pananambang sa mag-asawa. *(Panulat ni Patrolman Mark Vincent Valencia)*



# 16 BIFF members, nagpasyang magbalik-loob sa gobyerno; matataas na kalibre ng armas, isinuko

**Datu Unsay, Maguindanao (January 15, 2022) - Nagpasyang magbalik-loob ang 16 na sinasabing mga miyembro ng Bangsamoro Islamic Freedom Fighter (BIFF) sa ilalim ng Karialan at Bingos Factions sa gobyerno ng Bangsamoro Autonomous Region of Muslim Mindanao, noong Enero 15, 2022.**

Kinilala ang mga sumuko na sina Sahid Manping Latip, Nasser Sanguang Latip, Aldin Gabay, Samsamin Lumenda, Baginda Usman, Jhapy Abidin, Mohammad Yunos, Aburafhib Sumil, Mohalidin Sumil, Bangon Amino, Sabudin Salik, Curato Datuan, Datunor Datuan Taya, Datutin Datuan Taya, Muds Balabagan Jailon at Samsamin Salik.

Kasabay din nito ang pagturn-over nila sa mga awtoridad ng walong (8) grand rifles, tatlong (3) sniper rifles, dalawang (2) barrett rifles, isang (1) RPG-2, isang (1) stick grenade at isang (1) Improvised Explosive Device (IED).

Napadali ang kanilang pagbabalik-loob dahil sa pagsisikap at tulong ng mga tauhan ng Salibo Municipal Police Station, PIU MAG Police Provincial Office, 2nd PMFC MAG Police Provincial Office, RIU15 PNP-Intelligence Group, Criminal Investigation and Detection Group of Bangsamoro Autonomous Region of Muslim Mindanao gayundin ang 92IB 2ID Philippine Army at ng Local Government Unit ng Datu Salibo.

Sa ngayon ay nasa kustodiya na ng 92IB 2ID Philippine Army ang mga nasabing BIFF para sa kanilang tamang disposisyon at dokumentasyon. *(Panulat ni: Pat Mark Vincent J Valencia)*

# Rebelde sa Zamboanga Peninsula, nadakip; High Powered na mga Armas, narekober




**Zamboanga del Norte (January 15, 2022) - Matagumpay na narekober ng pinagsamang operatiba ng Armed Forces of the Philippines (AFP) at Philippine National Police (PNP) ng Zamboanga Peninsula at National Intelligence Coordinating Agency Region (NICA) ang limang (5) high powered cached firearms ng Communist Terrorist Group (CTG) sa Sitio Tiosan, Brgy. Nasibac, Leon B Postigo, Zamboanga del Norte nitong Sabado, Enero 15 ng taong kasalukuyan.**

Narekober ang isang (1) M16A1 rifle, tatlong (3) M1 carbine rifles without butt stock, isang (1) garand rifle without butt stock at walang laman na M16 rifle magazine na di kalauna'y napag-alaman na pag-aari ng dating mga miyembro ng Main Regional Guerilla Unit at nabuwag na Guerilla Front Feliciano Alpha ng Western Mindanao Regional Party Committee (WMRPC) ng New People's Army (NPA). Nadiskubre ang mga nasabing armas bunga ng rebelasyon ng mga dating rebelled sa naturang lugar sa Leon B Postigo.

Kamakailan, nadakip noong ika-14 ng Enero ang dating Commanding Officer (CO) ng HQ Kalaw, WMRPC na si Romano Sumasay y Sinto aka "Mando" sa matagumpay na law enforcement operation ng pinagsamang AFP at PNP.

Haharap sa patung-patong na kasong tatlong (3) bilang ng Murder, Illegal Possession of Firearms at paglabag sa Section 9 (b) (5) ng Republic Act (RA) 11188 o ang "Special Protection of Children in Situations of Armed Conflict Act" dahil sa recruitment, conscription o enlistment ng mga kabataan sa armadong grupo. *(Panulat ni Patrolman Noel Lopez)*

# NPA member, sumuko sa Carmen PNP




**Carmen, Agusan del Norte (January 14, 2022) - Isa pang nagsisising miyembro ng New People's Army (NPA) ang sumuko sa Carmen Municipal Police Station (MPS) sa Agusan del Norte noong Enero 14, 2022.**

Ipinahayag ni Police Regional Office 13 Regional Director, Police Brigadier General Romeo Caramat Jr, na sa pamamagitan ng walang humpay na kampanya laban sa CTG's, sa dobleng pagsisikap nito sa pagsuporta sa programa ng pamahalaan na maibsan ang bansa sa local communist armed conflict, isang (1) dating miyembro ng Militia ng Bayan sa ilalim ng Guerilla Front (GF) 4A ay kusang sumuko.

Ayon sa Carmen MPS, si alyas Joel, 27 taong gulang ay tinulungan ng isang opisyal ng barangay sa munisipalidad ng Carmen sa kanyang pagbaba ng armas.

"Nagising na ang mga miyembro ng CTG sa rehiyon ng Caraga sa riyalidad ng mga panlilinlang na ginawa ng CPP-NPA-NDF at ngayon ay nagbabalik loob. Umaapela kami sa mga aktibong miyembro na sumuko bilang isang mass supporter or as a red fighter", pagtatapos ni RD Caramat Jr.

Nasa custodial debriefing na ngayon si alyas Joel at bibigyan ng suportang pinansyal, legal na tulong at livelihood package bilang bahagi ng mga benepisyo ng Enhanced Comprehensive Local Integration Program (E-CLIP). *(Panulat ni Patrolman Romulus E. Villalon - RPCADU 13)*

# Babaeng NPA member, arestado sa Albay

**Legaspi City, Albay (January 19, 2022)- Arestado ang isang babae na pinaniniwalaang miyembro ng rebeldeng New People's Army (NPA) matapos ang matagumpay na manhunt operation at paghahain ng Warrant of Arrest laban sa suspek ng pinagsanib puwersa ng Legaspi City Police Station, 9ID Philippine Army, RIU5 PIT Albay at 2nd APMFC nitong ika-19 ng Enero, 2022.**

Ang suspek ay kinilalang si Maricel Trilles Lorilla aka "Cel", 38 taong gulang, may asawa, residente ng Sitio Misua B, Purok 2, Brgy. 66 Banqueron, Legaspi City, Albay.

Si alyas "Cel" ay pinaniniwalaang miyembro ng rebeldeng NPA ng Platoon 3 Albay Komite ng Probinsya 3 at may patung-patong na kaso ng paglabag sa Republic Act 10591 o ang "Comprehensive Law on Firearms and Ammunition" na may kaugnayan din sa Republic Act 9516, Republic Act 8294 at Presidential Decree 1866 na ipinalabas ng Regional Trial Court Branch 5, Legaspi City noong Hunyo 1, 2021. Siya rin ay nahaharap sa apat na bilang ng pagpatay batay sa arrest order na ipinalabas ng RTC Branch 7, Legaspi City noong Mayo 3, 2021 at walang iminungkahing piyansa ang korte para sa kanyang pansamantalang paglaya.

Nasa kustodiya na ngayon ng Legaspi City Police Station ang suspek para sa tamang disposisyon.

# Mahigit Php1M ilegal na droga, nasabat sa Zamboanga City!



**Zamboanga City (January 18, 2022) - Nagsagawa ng Anti-Illegal Drug Operations ang Special Operations Unit 9, PNP Drug Enforcement Group kasama ang City Drug Enforcement Unit, Regional Drug Enforcement Unit 9, Criminal Investigation and Detection Group 9, Regional Intelligence Unit 9, Highway Patrol Group 9, at Police Station 3 Sangali, bandang 2:30 PM ng Enero 18, 2022 na nagresulta sa pagkakasabat ng Php1,156,000 halaga ng ilegal na droga.**

Naaresto ang mga suspek na sina Rasid Ipen aka "Kuwiz", 42 taong gulang, residente ng Sacol Island; Jorge Pudi Dawang, 24 taong gulang; at Hermie P Araneta, 36 taong gulang, kapwa residente ng Barangay Zambowood ng nasabing lungsod.

Nakuha mula sa mga suspek ang white crystalline substance na hinihinalang shabu na tumitimbang ng 120 gramo na may tinatayang halaga na Php816,000, isang (1) bundle ng boodle money na naglalaman ng isang (1) pirasong genuine One thousand Peso bill (Php1,000) na may serial number na AV089835 na nakalagay sa ibabaw ng bundle ng photocopied na Php1,000 bills na ginamit bilang buy-bust money na nagkakahalaga ng Php280,000; isang (1) unit ng Black Rusi 125 motorcycle; at isang (1) unit ng Android Cellphone na kulay itim.

Ang mga naaresto ay mga kilalang tulak ng droga sa Barangay Manicahan, Zamboanga City gayundin ang pagbibiyahe ng ilegal na droga sa coastal area ng Zamboanga City sa pamamagitan ng motorized boat mula sa Barangay Pasilmanta, Sacol Island.

Samantala, bandang 5:40 ng hapon ng kaparehong petsa, nagsagawa ng drug buy-bust operation ang mga elemento ng Regional Drug Enforcement Unit 9 na nagresulta sa pagkakaaresto kay Emma Pula y Hadjail, 52 taong gulang, residente ng purok 8, Recodo, Zamboanga City.

Narekober sa nasabing operasyon ang anim (6) piraso ng heat-sealed transparent plastic sachet na naglalaman ng white crystalline substance na hinihinalang shabu na may tinatayang timbang na 50 gramo at market value na Php340,000, isang (1) sling bag na kulay itim, isang (1) piraso ng pouch na kulay pula na ginamit bilang lalagyan at isang (1) One Thousand Peso Bill na marked money na may serial no. BB507746 at 12 piraso ng Php1000 bill bogus money na lahat ay may serial number na AL620953. *(Panulat ni RPCADU 9 Chris Lorenz Angat)*

# 2 buy-bust operations, ikinasa ng PRO10; High Value Target, timbog!



**Cagayan de Oro City (January 14, 2022) - Arestado ang isang High Value Target sa buy-bust operation na kinilalang si Joseph Galiza Santillan, 45 taong gulang, may asawa, isang habal-habal driver at residente ng Purok 3-A, Brgy. Gusa, Cagayan de Oro City, noong Enero 14, 2022.**

Nakakuha ang mga operatiba ng shabu na nagkakahalaga ng Php1,000 mula sa suspek. Sa paghahalughog, nakuha ang apat (4) na piraso ng iba't ibang laki ng heat-sealed transparent plastic sachet na pinaniniwalaang shabu at may Standard Drug Price na Php510,000.

Sa kasunod na araw, isa pang buy-bust operation ang isinagawa sa Zone 8, Sitio Taparak, Barangay Bugo, Cagayan de Oro City bandang alas-siyete ng gabi.

Arestado sa operasyon si Mauricio Pacudan Aparilla, 45 taong gulang, may asawa, karpintero at residente ng Zone 3 Muhon, Tagoloan, Misamis Oriental.

Narekober sa suspek ang dalawang (2) heat-sealed transparent plastic sachets na naglalaman ng white crystalline substance na pinaniniwalaang shabu na may Standard Drug Price na Php170,000.

Pinuri ni PBGen Benjamin C Acorda Jr., ang mga operasyon. Aniya, "Ipagpatuloy natin ang ating paglaban sa ilegal na droga, huwag tayong tumigil sa paghahanap sa mga taong ito na walang ginawa kundi sirain ang kinabukasan ng ating bayan. At ipaalam sa kanila na ang mahabang braso ng batas ay laging hahabol sa kanila, kahit ano pa man ang estado nila sa buhay".

Mahaharap ang mga suspek sa kasong paglabag sa Republic Act 9165.

Hinihimok ng Police Regional Office 10 ang publiko na patuloy na magbigay ng impormasyon ukol sa mga ganitong ilegal na gawain upang tuluyang masawata ang ilegal na droga sa lipunan. *(Panulat ni Patrolman Joshua C Fajardo - RPCADU 10)*

# Php375K halaga ng pinuslit na sigarilyo, nasabat sa Sarangani



**Sarangani Province (January 18, 2022) - Nasabat ng operating unit ng Police Regional Office 12 sa ilalim ng pamumuno ni PBGen Alexander Tagum, Regional Director, ang ipinuslit na 25 kahon ng Casablanca cigarettes na nagkakahalaga ng Php375,000 sa Brgy. Pinol, Maitum, Sarangani Province.**

Habang nagsasagawa ng pagpapatrolya, namataan ng patrolling team ang isang kahina-hinalang wing van na nakaparada sa tabi ng highway kung saan ang driver at mga ahente nito ay nagdidiskarga ng mga karton ng sigarilyo na pag-aari ng hindi kilalang supplier mula sa Ipil, Zamboanga Sibugay. Base sa imbestigasyon, napag-alaman na ang van ay pag-aari ni Kokoy Cardino, residente ng Poblacion, Valencia City, Bukidnon.

Kinilala ang mga nadakip na sina Alimodin D. Benolirao, driver at dalawang (2) ahente nito na sina Jenny D. Plaza at Alvin P. Agosto. Ang mga naaresto ay kaagad na dinala sa Maitum Municipal Police Station kasama ang mga nakumpiskang ebidensya para sa dokumentasyon, imbentaryo at tamang disposisyon.

Nagpapatunay lamang ito na ang kapulisan ng Rehiyon 12 ay patuloy at mas pinaigting ang pagsubaybay sa mga naturang lugar para maiwasan ang pagpasok at pagdami ng mga kontrabando sa lugar. *(Panulat ni Patrolman Khnerwin Jay A Medelin)*

# Higit Php300K Marijuana, nakumpiska

**Cabanatuan, Nueva Ecija (January 17, 2022) - Nakumpiska ng mga otoridad ng Nueva Ecija ang higit Php300,000 halaga ng marijuana sa kanilang patuloy na operasyon kontra ilegal na droga noong ika-17 ng Enero taong kasalukuyan.**

Ayon sa ulat, nagsagawa ng isang buy-bust operation ang mga tauhan ng Station Drug Enforcement Unit ng Cabanatuan City Police Station sa District 1 Barangay San Juan Accfa, Cabanatuan City na nagresulta sa pagkaaresto ng isang (1) suspek na kinilalang si Justine Jay Cruz y Tipora, 21 taong gulang at residente ng Barangay Mabini Extension, Cabanatuan City.

Narekober na ebidensya mula sa suspek ay limang (5) pirasong plastic at tatlong ladrilyo ng pinaghihinalaang Marijuana na may timbang na 2.5 kilo at tinatayang nagkakahalaga ng Php306,600 at Php500 bill bilang marked money.

Nahaharap ang suspek sa kasong paglabag ng Republic Act 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002.

Samantala, patuloy na isagawa ng mga kapulisan ang kampanya kontra ilegal na droga para mahuli ang mga suspek at magkaroon ng payapa at drug free community sa bansa.

THE OFFICIAL NEWSLETTER OF THE PHILIPPINE NATIONAL POLICE

PULIS SERBIS

# BALITA

#PNPKAKAMPIMO

Volume VI No. 03 * Enero 15-21, 2022 * Visit our Facebook Page: PULIS SERBIS BALITA Email Add: pnppublications@pcadg.gov.ph

# Paaralan para sa mga Katutubong Matigsalug sa Davao City, pinasinayaan



**Davao City (January 17, 2022) - Pinasinayaan ang pangatlong paaralan na naitayo ng Revitalized-Pulis (R-PSB) sa Barangay sa Sitio Sandunan, Brgy. Tamugan, Marilog District, Davao City noong Enero 17, 2022.**

Pinangunahan ni PBGen Filmore Escobal, Regional Director, ang inagurasyon at pagpapasinaya kasama ang kinatawan ng donor na si Mr. Joemecilo Salise, Real Estate Broker, Real Estate Authority and Property Acquisition Officer of Golden Mindanao Global Holding Corporation, maging ang mga personalidad at kinatawan ng ibat ibang ahensiya na sina Cristito Ingay, LLB, Provincial Officer, NCIP, DCPO; Rommel D. Amao, School Head, Pangyan Elementary School; Alma Tac-on, IP Focal Person, DepEd XI; Diomedes E Dela Cruz, Punong Barangay; Aprilyn P Paulo, CSWDO; at si Bae Aida S Seisa, Tribal Leader kasama ang kanyang dalawampung (20) Tribal Datu ng Datu Lamanta Clan Incorporated.

Kabilang din sa mga dumalo sa programa ay sina PBGen Edgar Alan Okubo, DRDA/R-PSB Program Director; PCol (Rev.Fr) Marlou Labares, Chief, RPO 11; PMaj. Rowena Jacosalem, R-PSB over-all supervisor; PLtCol Lennie Ronquillo, S5, Davao City Police Office at ang kapulisan ng Police Regional Office 11, Davao City Police Office at iba pa.

Mahigit dalawang dekada nang kahilingan ng Matigsalug Tribe ang magkaroon ng paaralan sa kanilang komunidad. Dahil sa layo ng kanilang lugar ay tila pangarap na lamang ito, ngunit dahil sa programang Revitalized-Pulis sa Barangay ng Pulis Rehiyon Onse ay naisakatuparan na ito.

Disyembre taong 2021 ng sinimulan ang konstruksyon ng paaralan sa pamamagitan ng "Bayanihan" kaya naman ay mahigit isang buwan lang tumagal ang pagpapatayo nito. Ang naturang paaralan ay may dalawang silid-aralan kung saan ay magiging Integrated School ito para maihabol ng mga mag-aaral ang kanilang mga hindi pa nakukuha o natatapos na mga paksa at aralin.

"Isa lang ang kayamanan sa mundo na hindi kayang kunin at mawala sa inyo kung hindi ang "Kaalaman" kaya kailangang mag-aral kayo, kaya importante na nadala natin itong paaralan dito sa inyo para makapag-aral ang inyong mga anak at maging produktibong miyembro ng bansa maging dito sa inyong komunidad" ani PBGen Escobal

Malaki ang pasasalamat ng Matigsalug Tribe sa tulong ng R-PSB sa pamumuno ni PLt Carlo Magno na nakadestino sa naturang lugar dahil sa pagsusumikap nitong maisakatuparan ang isa sa kanilang mga kahilingan maging sa pamunuan ng PRO 11.

Naitayo ang naturang paaralan sa tulong ng mag-asawang donor na sina Nelson Chua at Jennifer Chua. *(Panulat ni Police Corporal Romulo Cleve M Ortenero)*

# PNP Community Outreach Program, isinagawa ng Pangasinan PNP







**San Nicholas, Pangasinan (January 19, 2022) – Nagsagawa ng community outreach program ang mga kapulisan ng Pangasinan na pinangunahan ni Police Lieutenant Colonel Jugith Del Prado, Acting Chief, Regional Community Affairs and Development Division ng Police Regional Office 1 (PRO 1) at aktibong nilahukan ng mga tauhan ng Pangasinan Police Provincial Office sa pamumuno ni Police Lieutenant Colonel June Galingan, Deputy Provincial Director for Administration at San Nicolas Municipal Police Station sa ilalim ng pangangasiwa ni Police Captain Banayos, Officer-in-Charge sa Barangay Malico, San Nicolas, Pangasinan noong Enero 19, 2022.**

Nasa 60 senior citizens at senior high school students ang nakatanggap ng mga foodpacks, mugs, stuff toys at slippers sa naturang aktibidad.

Nahandugan din ang mga residente ng tulong medikal at dental na isinagawa ng RMDU 1 tulad ng Dental Flouride, blood sugar count/test, COVID-19 Vaccination at iba pang serbisyong medikal.

Ang layunin ng nasabing PNP Community Outreach Program ay maiparating sa ating mga kababayan na kahit sa kabila ng hamon ng pandemya ay patuloy na naghahatid ang gobyerno ng mga pangunahing serbisyo sa mamamayan. *(Panulat ni PSSg Carmela G Danguecan)*

# Buntis na inabutan ng panganganak sa sasakyan, tinulungan ng isang pulis nars sa Camarines Norte





**San Vicente, Camarines Norte (January 18, 2022) - Isang concerned citizen na si Donde Soria Buenaagua Consuelo ang nagpost sa ginawang kabayanihan ng ating Kasurog Cops sa San Vicente, Camarines Norte na kung saan agad na tinulungan ni PCpl Leo John Samonte, isang registered nurse, ang isang buntis na inabutan ng panganganak sa loob ng rescue vehicle nitong ika- 18 ng Enero 2022.**

Ang nasabing buntis ay inabutan ng panganganak sa loob mismo ng rescue vehicle ng dumating ito sa RHU-San Vicente na kung saan nakaduty ang pulis nars sa vaccination site. Agarang tinulungan ng pulis nars ang midwife sa pagpapaanak para mailuwal ang sanggol ng maayos at ligtas gayundin ang ina habang nanganganak. Naging matagumpay at ligtas naman ang panganganak ng ginang.

Ito ay pagpapakita ng pagiging mapagmalasakit ng ating mga kapulisan na handang tumulong at magbigay ng serbisyo publiko sa mga taong nangangailangan. *(Panulat ni Patrolman Rodel C Grecia)*